| 3. Pagkakaroon ng organisasyon sa pagkakabuo ng sanaysay. | | | | |
| 4. Nagtataglay ng elemento ng isang sanaysay. | | | | |
| 5. Paggamit ng wastong mekaniks (baybay,gamit ng salita, malaki at maliit na letra, wastong gamit ng mga bantas). | | | | |

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas | | |
| Paksang Pamagat : Sitwasyong Pangwika sa Telebisyon, sa Radyo at Diyaryo | | |
| Natutukoy ang iba't ibang paggamit ng wika sa mga napakinggang pahayag mula sa mga panayam at balita sa radio at telebisyon. F11PN-IIa-88 | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ni Alma M. Dayag | LAS No.: **17** | |

pahina 102

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**ANG TELEBISYON** – ay itinuturing na pinakamakapangyarihang media sa kasalukuyan dahil sa dami ng mamayang naaabot nito. Sa paglaganap ng cable o satellite connection ay lalong dumami ang manonood ng telebisyon saanmang sulok ng bansa.Katulad ng telebisyon, Filipino rin ang nangungunang wika sa

**RADIO** May mga programa sa Amman o sa FM ay gumagamit ng Filipino sa iba't ibang barayti nito.

Sa mga **DIYARYO** naman ay wikang Ingles ang ginagamit sa mga broadsheet at wikang Filipino sa mga Tabloid.

**GAWAIN:**

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat at makinig ng mga pahayag mula sa mga panayam at balita sa radyo at telebisyon. Ang unang pangkat ay makikinig ng mga panayam o pahayag sa FM na estasyon, ang ikalawang pangkat ay makikinig sa AM na estasyon, at ang ikatlong pangkat naman ay makikinig o manonood ng balita sa telebisyon. Gawin ng pangkat ang sumusunod na mga gawain:

1. Pumili o magtakda ang bawat pangkat ng isang programa sa radyo telebisyon na kanilang pakikinggan ng mga pahayag, panayam o balita.
2. Kapag nakapili na ng isang programa, tukuyin ng pangkat ang iba't ibang wika na ginamit ng DJ o tagapagbalita. Maglista ng mga salitang ginamit sa panayam o pagbabalita.
3. Batay sa mga naitala, pag-usapan ng bawat pangkat kung ano-ano ang ipinahihiwatig ng mga pahayag o wikang ginamit sa panayam at balita sa radio o telebisyon na masasalamin sa ating lipunan.
4. Ilahad ng bawat pangkat ang kanilang napag-usapan at pagkumparahin ang kanilang napag-alaman. Pagkatapos, bumuo ng kongklusyon ang klase kaugnay ng iba;t ibang paggamit ng wika.


| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
| Paksa : Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas | | |
| Paksang Pamagat : Paggamit ng Wika sa Pelikula | | |
| Nasusuri at naisasaalang-alang ang mga lingguwistiko at kultural na pagkakaiba-iba sa lipunang Pilipino sa mga pelikula at dulang napanood. pahina 124 . F11PD-IIB-88 | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino pahina 124 | LAS No.:**18** | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

Ang Karaniwang panmagat ng mga **PELIKULA** ay Ingles tulad ng One More Chance, Starting Over Again, It Takes a Man and a Woman, Bride for Rent, You're My Boss, You're Still the One at iba pa.

Sa maraming babasahin at palabas sa Filipino ay tila nangingibabaw na layunin ay mang-aliw, manlibang, lumikha ng ugong at ingay ng kasayahan. Isang pag-asam at hamon para sa mga taong nasa likod ng mass media at mga taong tumangkilik sa mga ito na hindi basta lumaganap ang Filipino kundi magamit din ito ng mga nasabing midyum upang higit na maitaas ang antas ng ating wika.

**GAWAIN:**



SHARED OPTIONS



| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas | | |
| Paksang Pamagat : Ugnayan ng Wika at Kultura | | |
| Naipapaliwanag nang pasalita ang iba't ibang dahilan, anyo at pamaraan ng paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon. F11PU-IIc-87 | | |
| Sanggunian : SIDHAYA Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino pahina 220 | | LAS No.:**19** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**ANG KULTURA** ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay na nakagawian o nakasanayan nan g mga tao sa isang lugar. Binubuo ito ng mga karunungan, panitikan, paniniwala, kaugalian, sining, batas, pagpapahalaga at iba pa. Dahil mahalagang instrument ang **WIKA** upang makapag-ugnayan ang mga tao, ito ang ginagamit upang maipahayag, malinang at mapalaganap pa ang kultura. Ito rin ang ginagamit upang maisalin at maipamana ito sa susunod na henerasyon.

**KAALAMANG BAYAN**- ay umiiral na kuwento, panitikan, paniniwala,ritwal, gawi at tradisyon ng mga mamamayan sa isang pamayanan o kalinangan na nagpasalin-salin sa iba't ibang lahi at pook dahil sa ito'y bukambibig ng taumbayan.

**GAWAIN:**

Panuto: Sumulat ng isang alamat na alam ninyo.

_______________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas | | |
| Paksang Pamagat : Iba't ibang Register at Barayti ng wika na Ginagamit sa iba't ibang Sitwasyon | | |
| Natutukoy ang iba't ibang register at barayti ng wika na ginagamit sa iba't ibang sitwasyon. F11WG-IIc-87 | | |
| Sanggunian : SIDHAYA Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino pahina 240 | LASNo.:**20** | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**REGISTER** – ito ang barayti ng wika na kung saan naiaangkop ng isang nagsasalita ang uri ng wikang ginagamit niya sa sitwasyon at sa kausap.

**Rehistro o Estilo ng wika**

a. Estatiko – hindi nagbabago o matagal ang pagbabago tulad ng nakasaad sa Saligang Batas.

b. Akademik pormal – estilo ng wikang ginagamit sa paaralan at pamantasan.

c. Konsultatibo- estilo ng wikang ginagamit sa negosasyon, pulong at pagtitipon.

d. Impormal – ginagamit sa berbal na talastasan sa bahay, lansangan, kuwentuhan,huntahan at iba pa.

e. Panlambing- ginagamit na wika ng magkasintahan, mag-asawa at sinumang may malalim na ugnayan sa isa't isa.

**GAWAIN:**

Pagsulat ng isang sanaysay na may kaugnayan sa propesyon (abogado, guro, inhinyero, doktor at iba pa)

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
_______________________________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| | | |
| Paksang Pamagat : Kakayahang Sosyolingwistik: Pag-Unawa Batay Sa Pagtukoy Sa Sino, Paano, Kailan, Saan, At Bakit Nangyari Ang Sitwasyong Kumunikatibo. | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Natutukoy ang mga angkop na salita, pangungusap ayon sa konteksto ng paksang napakinggan sa mga balita sa radio at telebisyon. F11PN-IId-89 | | |
| Sanggunian : Sidhaya 11: Komunikasyon At Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino<br>Rhoderick V. Nuncio, Ph.D Et. Al<br>http://bit.ly/ABS-CBNEntertainment (full episode of Gandang Gabi Vice: Vice Ganda interview President Rodrigo Roa-Duterte) | | LAS No. **21** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**SOSYOLINGGUWISTIKO** – isang pag-aaral na sumisipat sa ugnayan ng wika at lipunan, partikular ang kaangkupan ng gamit ng isang wika batay sa iba't ibang konteksto.

**KAKAYAHANG SOSYOLINGGUWISTIKO (SOCIOLINGUISTIC COMPTENTENCE)** – kapag ang tao ay may kakayahang manipulahin ang wika upang ito'y umayon sa hinihinging sitwasyon ng pakikipagtalastasan.

Panahon, kontekstong pangkultura, lunan, layunin, paraan ng usapan, edad, kasarian, propesyon at pangkat ng mga sangkot ay isinaalang-alang upang maiayon ang antas o uri ng wikang angkop gamitin para sa espesipikong konteksto ng usapan.

**GAWAIN:**

1. Paano malalaman na nagtataglay ng kakayahang sosyolingguwistiko ang isang indibidwal?
2. Masasabi mo bang ikaw ay may kakayahang soslingguwistiko? Pangatwiranan ang sagot at magbigay ng mga halimbawang sitwasyon
3. Sa iyong pananaw, mahalaga bang mapaunlad ang kakayahang sosyolingguwistiko sa pakikipagtalastasan? Bakit?

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : **Kakayahang Linggwistiko / Istrutural O Gramatikal** | | |
| Paksang Pamagat : Mabisang Pangungusap | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa Talakayan. **F11PT-IIe-87** | | |
| Sanggunian : SIDHAYA 11: KOMUNIKASYON AT PANANALIKSIK SA WIKA AT KULTURANG PILIPINO (Rhoderick V. Nuncio, Ph.D Et. Al) | | LAS No.: **22** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:** Sangkap ng Mabisang Pangungusap

1. **kaisahan** – may kaisahan ang pangungusap kung tumutulong ang bawat bahagi ng pangungusap sa paghahayag ng isang pangunahing diwa.
   *halimbawa:* nagmamadaling bumangon si nelia, naligo, nag-ayos ng katawan, kumain ng almusal, at pumasok sa paaralan.
2. **paglalapit ng panuring sa salitang tinuturingan** – hindi dapat paghiwalayin ang mga salitang magkakaugnay.
   *halimbawa:* **mali:** mamaya si marina pupunta sa paaralan.
   **tama:** pupunta mamaya si marina sa paaralan
3. **paggamit ng wastong tinig ng pandiwa** – kalimitang ginagamit ang pandiwang nasa tinig balintiyak, sa halip na nasa tukuyan.
   *halimbawa:* **mali:** ang mag-aaral ay binasa ang *noli me tangere*. **tama:** binasa ng mga mag-aaral ang *noli me tangere.*
4. **pagbibigay-diin** – kinakailangan ang wastong pag-aayos ng mga salita sa pagbibigay-diin.
   *halimbawa:* **may kahinaan:** mag-aral ka ng mabuti, ang sabi ng nanay mo.
   **maayos:** ang sabi ng nanay mo ay mag-aral ka raw ng mabuti.
5. **palagitlingan** – ginagamit ang gitling kapag ang salita ay inuulit, ang unlapi ay nagtatapos sa katining, may katagang nawawala sa pagitan ng dalawang salita, ang isang panlapi ay inilapi sa unahan ng panglang pantangi, ang unlaping *ika-* ay ginagawang unlapi sa tambilang.
   *halimbawa:*
   ika-10 gabi-gabi mag-alsa bahay-kubo (bahay na kubo) maka-quezon
6. **gamit ng kudlit** – ginagamit ang kudlit kung may nawawalang letra o mga letra sa dalawang salitang pinag-uugnay.
   *halimbawa:* ako at ikaw = ako't ikaw b. mayaman at mahirap = mayama't mahirap

may mga salita na sa katagalan ng panahon ay maituturing nang patay sapagkat hindi na ginagamit nang hindi kakabit ang dinaglat na **at**. ang mga salitang ito ay hindi na dapat kudlitan *halimbawa:* subalit – subali at, datapwat – datapwa at, ngunit – nguni at, sapagkat – sapagka at

## GAWAIN:

Sumulat ng isang sanaysay ng isang di makakalimutang karanasan gamit ang mga sangkap sa mabisang pangungusap.

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : **KAKAYAHANG LINGGWISTIKO / ISTRUTURAL O GRAMATIKAL** | | |
| Paksang Pamagat : Mga Madalas Na Pagkakamali Sa Gramatikang Filipino | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nabibigyang - kahulugan ang mga salitang ginamit sa Talakayan. **F11PT-IIe-87** | | |
| Sanggunian : SIDHAYA 11: KOMUNIKASYON AT PANANALIKSIK SA WIKA AT KULTURANG PILIPINO Rhoderick V. Nuncio, Ph.D et. al | | LAS No.:**23** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

MGA MADALAS NA PAGKAKAMALI SA GRAMATIKANG FILIPINO A. Paggamit ng **NANG** at **NG**

Ginagamit ang **NANG** bilang pangatnig sa hugnayang pangungusap Halimbawa:
Nagsimula na ang palatuntunang **nang** kami ay dumating.

Ginagamit ang **NANG** sa gitna ng dalawang salitang ugat na inuulit Halimbawa: Basa **nang** basa, magsikap **nang** magsikap

Ginagamit ang **NANG** bilang pang-ugnay sa pandiwa at pang-abay Halimbawa:
Binigkas ni Elena ang kanyang talumpati **nang** buong husay.

Ginagamit ang **NG** bilang pantukoy sa palayon na kasama ng tuwirang layon ng pandiwa
Halimbawa: Gumawa siya **ng** takdang aralin.

Ginagamit ang **NG** bilang pananda sa tatangap ng pandiwa sa tinig na balintiyak Halimbawa: Pinangaralan **ng** ina ang anak.

Ginagamit ang **NG** bilang pagsasaad ng pagmamay-ari ng isang bagay Halimbawa: Ang aklat **ng** bata ay tinakpan ng ina.

B. Paggamit ng **PAHIRIN** at **PAHIRAN**

Ginagamit ang **PAHIRIN** kung ang kilos ay nangangahulugan ng pag alis o pagpawi ng isa bagay
Halimbawa: **PAHIRIN** mo ang pawis ng bata.

Ginagamit ang **PAHIRAN** kung ang kilos ay nangangahulugang paglalagay ng kaunting bagay bagay Halimbawa: **PAHIRAN** mo ng vicks ang aking likod.

C. Paggamit ng **PINTO** at **PINTUAN**

Ginagamit ang **PINTO** kung tumutukoy sa bahagi ng gusali na siyang isinasara o ibinubukas Halimbawa: Kumatok ka sa **PINTO** bago pumasok.

Ginagamit ang **PINTUAN** kung tumutukoy sa bahagi ng gusali na daanan Halimbawa: Maluwag ang kanilang **PINTUAN**.

## GAWAIN:

**PANUTO: Piliin ang wastong salita sa loob ng pangungusap, salungguhitan ang tamang sagot.**

1. Hahara-hara sa (pinto, pintuan) si Caloy kung kaya nabangga si Pao
2. Gawa sa narra ang kanilang (pinto, pintuan).
3. (Pahiran, Pahirin) mo ang dumi sa sahig at ng (mapahiran, mapahirin) ito ng floorwax.
4. Ang tumakbo (ng, nang) matulin kung matinik ay malalim.
5. Ang palad (ng, nang) mayayaman ay tila napakanipis.

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : **KAKAYAHANG PRAGMATIK:** pagtukoy sa kahulugan ng sitwasyonng sinasabi, di-sinasabi, ikinikilos ng taong kausap | | |
| Paksang Pamagat : Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Napipili ang angkop na salita at paraan ng paggamit nito sa usapan o talakayan batay sa kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin, at grupong kinabibilangan **F11PS-IIe-90** | | |
| Sanggunian : SIDHAYA 11: KOMUNIKASYON AT PANANALIKSIK SA WIKA AT KULTURANG PILIPINO (Rhoderick V. Nuncio, Ph.D et. Al) | | LAS No.: **24** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**PRAGMATIKS –** sangay ng lingguwistika na inilalarawan bilang pag-aaral ng ugnayan ng mga anyong lingguwistiko at gumagamit nito. Binibigyang pansin dito ang gamit ng wika sa mga kontekstong panlipunan. Nakatuon ito sa komunikatibong aksiyon sa loob ng kontekstong sosyokultural.

**GAWAIN:**

A. Humanap ng mga post mula sa social networking site tulad ng mga online forum, Facebook, o Twitter account. Pag-aralan ito sa pamamagitan ng paglalapat ng pagsusuring pragmatic na naktuon sa pagtukoy ng mga sumusunod:
   1. Layunin ng bawat sangkot sa pagpo-post ng mensahe
   2. Kahulugan ng intensiyonal na mensaheng ipinahahayag ng bawat sangkot sa forum
   3. Mga kahulugang hindi lantad sa mga sinasabi/inilahad
   4. Kahulugan ng mga ginamit na mga emoticons, grapiko, at test/internet lingo, at ang kahulugan ng mga ito ayon sa konteksto ng usapin sa pinagkuhanang site.

Punan ang talahanayan sa ibaba para sa iyong kasagutan

| Username ng nag-post | Post (tekstong, mga ginamit na emoticon, grapiko, internet lingo, at iba pa) | Intensiyonal na mensaheng mahihinuha mula sa post | Kontekstong kinapapalooban ng post | Di intensiyonal na mensaheng nakuha mula sa post |
|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | |
| 2. | | | | |
| 3. | | | | |
| 4. | | | | |
| 5. | | | | |

B. Lumikha ng isang Facebook group at mag-imbenta ng mga kaibigan sa Facebook upang maging kasapi nito. Magsimula sa talakay sa isang paksang makakaugnay ang lahat ng kasapi ng grupo at imbitahan ang bawat is na maglagay ng kanya-kanyang post. Pansinin ang gamit ng wika (berbal o di-berbal gaya ng mga grapiko at emoticon) ng mga kasapi gayundin ang mahihinuhang kahulugan sa kanilang mga sinasabi (at hindi sinasabi) sa grupo. Obserbahan din kung gumamit at patakarang pangtalastasan (dami, uri, pagiging akma, pamamaraan) ang mga kasapi batay sa kanilang mga post

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : **Kakayahang Diskorsal:** Pagtiyak sa kahulugang ipinapahayag ng teksto/ sitwasyon ayon sa konteksto | | |
| Paksang Pamagat : Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nahihinuha ang layuni ng isang kausap batay sa paggamit ng mga salita at paraan ng pagsasalita **F11WG-IIf-88** | | |
| Sanggunian : Sidhaya 11: Komunikasyon At Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino (Rhoderick V. Nuncio, Ph.D Et. Al) | | LAS No.: **25** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**DISKURSO**- Tumutukoy sa pagpapahayag ng mga ideya, nosyon, teorya, at sa pangkalahatan, ang kahuluganng maarining nasa pasulat o pasalitang paraan.

**KAKAYAHANG DISKURSAL (discourse competence)**- kakayahang bigyan ng interpretasyon ang isang serye ng mga napakinggang pangungusap upang makagawa ng isang makabuluhang kahulugan.


**TENOR NG DISKURSO**- mga pangyayari, panlipunang aksiyon na nagaganap

**LARANGAN NG DISKURSO**- kasangkot o kasali sa pag-uusap, kanilang estado o papel na ginagampanan at ugnayan sa isa't isa.

**MODO NG DISKURSO**- gamit ng wika, inaasahan nila rito, tsanel ng pagsasagawa nito, pasalita, o pasulat at paraan ng paglalahad nito – pasalaysay, pahikayat, ekspositori, pangngatwiran, pautos, at iba pa.

**GAWAIN:**

Magrecord ng isang diskurso na mapapakinggan sa anumang kontekstong panlipunan gaya ng sariling tahanan, silid-aralan, restawran, at iba pa. Gawan ito ng isang transkripsyon. Ilarawan ang diskurso ayon sa konteksto nito, suriin ayon sa larangan, tenor, at modo nito. Pansinin din ang istruktura ng diskurso at lapatan ito ng modelong IRF nina Sinclair at Coulthard.



| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino | | |
| Paksang Pamagat : Kakayahang Sosyolingwistiko: Pag-unawa Batay Sa Pagtukoy Sa Sino, Paano, Kailan, Saan, At Bakit Nangyari Ang Sitwasyong Kumunikatibo. | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakabubuo ng mga kritikal na sanaysay ukol sa iba't ibang paraan ng paggamit ng wika ng iba't ibang grupong sosyal at cultural sa Pilipinas **F11EP-IIf-37** | | |
| Sanggunian : Sidhaya 11: Komunikasyon At Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino (Rhoderick V. Nuncio, Ph.D et. Al) | | LAS No.: **26** |

## KONSEPTONG PANGNILALAMAN:

SOSYOLINGGUWISTIKO – isang pag-aaral na sumisipat sa ugnayan ng wika at lipunan, particular ang kaangkupan ng gamit ng isang wika batay sa iba't ibang konteksto.

Kakayahang Sosyolingguwistiko (Sociolinguistic comptetence) – kapag ang tao ay may kakayahang manipulahin ang wika upang ito'y umayon sa hinihinging sitwasyon ng pakikipagtalastasan.

Panahon, kontekstong pangkultura, lunan, layunin, paraan ng usapan, edad, kasarian, propesyon at pangkat ng mga sangkot ay isinaalang-alang upang maiayon ang antas o uri ng wikang angkop gamitin para sa espesipikong konteksto ng usapan.

## GAWAIN:

1. Paano malalaman na nagtataglay ng kakayahang sosyolingguwistiko ang isang indibidwal?
2. Masasabi mo bang ikaw ay may kakayahang sosyolingguwistiko? Pangatwiran ang sagot at magbigay ng mga halimbawang sitwasyon.
3. Ano-ano ang panlipunang salik dapat isaalang-alang upang maiayon ang antas o uri ng wikang angkop gamitin para sa espesipikong konteksto ng usapan?
4. Ipaliwang ang modelo ni Hymes na may akronim na SPEAKING.

Sa iyong pananaw, mahalaga bang mapaunlad ang kakayahang sosyolingguwistiko sa pakikipagtalastasan? Bakit?

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa: Glosaryo ng Varayti ng Tagalog-Indang sa Larangan ng Paggawa ng Kakanin sa Indang, Cavite | | |
| Paksang Pamagat : Introduksyon Sa Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nasusuri ang ilang pananaliksik na pumapaksa sa wika at kulturang Pilipino **F11PB-IIg-97** | | |
| Sanggunian : Sidhaya 11: Komunikasyon At Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino (Rhoderick V. Nuncio, Ph.D Et. Al) | | LAS No.: **27** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**
Pagsusuri ng "Glosaryo ng Varayti ng Tagalog-Indang sa Larangan ng Paggawa ng Kakanin sa Indang, Cavite" isang halimbawang pananaliksik sa wika ni Jennifer Silan-Hernandez

**GAWAIN:**
***Saguting ang sumusunod na tanong***

1. *Ano ang paksa ng binasang pananaliksik?*
2. *Ano ang suliraning nais masagot sa pananaliksik?*
3. *Alin sa mga salita sa glosaryo ang pamilyar sa iyo o narinig mo nang ginagamit sa lugar na iyong kinalakihan o tinitirhan?*

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa: PROSESO SA PAGSULAT AT PANANALIKSIK | | |
| Paksang Pamagat : Proseso sa Pagsulat ng Pananaliksik | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Naiisa-isa ang mga hakbang sa pagbuo ng isang makabuluhang pananaliksik **F11PU-IIg-88** | | |
| Sanggunian : Sidhaya 11: Komunikasyon At Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino (Rhoderick V. Nuncio, Ph.D et. Al) | | LAS No.: **28** |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

PROSESO SA PAGSULAT NG PANANALIKSIK

1. PAGPILI NG PAKSA – maaring manggaling sa personal na karanasan, sariling ideya, pang-araw-araw na gawain, batay sa nakaraang pag-aaral o patuloy na pag-aaral. Dapat manggaling ito mismo sa taong magsasaliksik at hindi sa ibang tao.
2. PAGPAPAHAYAG NG LAYUNIN – pagsasaad ng pangunahing ideya o tesis ng ginagawang sulatin
3. PAGHAHANDA NG PANSAMANTALANG BIBLIYOGRAPIYA – maghanda ng isang index card o notebook na maaring paglistahan ng mga nakalap na sanggunian mula sa iba't ibang batis ng impormasyon. Ayusin ang mga tala at isulat ang ngalan ng may-akda, paksa, at pamagat ng materyal (libro, dryornal, magasin, diyaryo, internet, at iba pa.)
4. PAGGAWA NG PANSAMANTALANG BALANGKAS – ito ang nagsisilbing gabay sa daloy ng susulating pananaliksik.
5. PANGANGALAP NG DATOS – ang pinakamahalagang yunit ng pananaliksik. Pakikipanayam, Focus Group Discussion o FGD, at sarbey ang kadalasang mga metodod sa pangangalap ng datos
6. ANG PINAL NA BALANGKAS – maaring ang dating pansamantalang balangkas na narebisa o maaaring panibagong balangkas. Maaring tanggalin o dagdagan ang mga nakalap na datos.
7. PAGSULAT NG BURADOR AT PAGWAWASTO – ang proseso ng pagdaragdag o pagbabawas ng datos o pagbabago ng daloy ng pagtalakay ng pananaliksik.
8. PAGSULAT NG KONKLUSYON – ang kabuuang paliwanag hinggil sa nais sabihin ng mananaliksik.

1. Ano ang dapat isaalang-alang sa pagpili ng paksa?
2. Ano-ano ang maaring mapagkunan ng datos?
3. Bakit sinasabing walang pananaliksik kung walang datos?
4. Ano ang gamit ng balangkas sa daloy ng pananaliksik?
5. Ano-ano ang karaning paraan ng pagkuha ng datos?

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa: Gabay Sa Pananaliksik / Introduksyon Sa Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino | | |
| Paksang Pamagat : Gabay Sa Pananaliksik | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakasusulat ng isang panimulang pananaliksik sa penomenang cultural at panlipunan sa bansa **F11EP-IIj-35** | | |
| Sanggunian : Sidhaya 11: Komunikasyon At Pananaliksik Sa Wika At Kulturang Pilipino (Rhoderick V. Nuncio, Ph.D et. Al) | LAS No.: **29** | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

1. PAGTUKOY NG PAKSA – ito ay dapat alam mo, nakawiwili, mapagkukunan ng datos, may sanggunian, may kabuluhan at magagawan ng kongklusyon.
   Hal: Mga inaasahang oportunidad naming mag-aaral sa pagtatapos ng Senior High School
2. PANIMULANG TANONG AT LAYUNIN –
   - mga uri ng tanong (praktikal na tanong, espekulatibo o pilosopikal na tanong, panandalian, tentatibong tanong, imbestigatibong tanong at disiplinal na tanong)

   Hal: tiyak na tanong: Ano ang mga opotunidad na naghihintay sa mga estudyante sa pagtatapos nila ng Senior High School? (tanong na tentatibo at praktikal)
   - Ilahada ang layunin ng pag-aaral
     Hal: malaman, matimbang, at mapili ng mga mag-aaral ang mga oportunidad na naghihintay sa kanila matapos ang Senior High School.
3. TENTATIBONG BIBLIYOGRAPIYA
   - Magsaliksik ng mga kaugnay na literature at pag-aaral sa paksang pinag-aaralan.
   - Maaaring saliksiking:
     a. Ang SHS curriculum at mga track na pagpipilian
     b. Mga kasanayang pangwika at iba pang kakayahan na kakailanganin
     c. Mga trabahong naghihintay sa mga nagtapos ng SHS

**GAWAIN:**

1. Bumuo ng pangkat na hindi lalagpas sa tatlo ang kasapi
2. Pumili ng paksang napapanahon na may kinalaman sa kultura at lipunang Pilipino.
3. Isanguni sa guro mapagkakasunduan paksa ng pangkat.
4. Gamit na gabay ang konseptong pangnilalaman sumulat ng panimulang pananaliksik
5. Ipakita sa guro ang pansamantalang tentatibong bibliyograpiya.